

Para sa mga estudyante sa High School na gustong mag-aral sa unibersidad o vocational school pero nag-aalala sa pambayad ng matrikula at gastusin

Maari kayong mag-apply para tumanggap ng benepisyo sa scholarship o eksempyon / diskwento sa mga babayarin

- ① Mayroong status of residence na long-term resident (special permanent resident, permanent resident o asawa ng Hapon) at nag-nanais mag-aral sa kolehiyo o vocational schools.
 - ② Ang makukuhang benepisyo ay depende sa kita ng pamilya.
 - ③ Gawin ang aplikasyon gamit ang pangalan ng pinapasukang school.
- ※Maari ding mag-apply ang mga mag-aaral sa unibersidad para sa scholarships.



■ Para sa detalye kontakin lamang :

○ Website ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology
 “Suporta sa pag-aaral saang-mataasang paaralan”
<https://www.mext.go.jp/kyufu/index.htm>



○ Homepage of Japan Student Services Organization Scholarship Benepisyong scholarship system
<https://www.jasso.go.jp/shogakukin/kyufu/index.html>



Suporta upang makapagtrabaho ang mga dayuhang nawalan ng trabaho

Kailangang may balidong 1 taon ng status residence ng specific activity (puwede magtrabaho)



■ Sinuman :

Kung nakakuha ng kontrata sa ibang kumpanya (ayun sa technical skill) kagaya ng mga sumusunod

- Mga technical interns na naalis sa trabaho at nahihirapang makapagpatuloy ng pagtatrabaho at pagsasanay
- Mga dayuhang manggagawa na naalis sa trabaho at nahihirapang makapagpatuloy ng pagtatrabaho (may status of residence ng “Specific skills”, “Technology/ humanities / international business”, at iba pa.)
- Mga dayuhang estudyante na nakansela ang kontrata sa trabaho at ibp.



http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/nyuukokukanri14_00008.html

■ Paraan ng pag-apply

Mag-apply para sa pagbago ng residence status sa “Specific Activities (maaring magtrabaho)” sa Regional Immigration Bureau/Branch Office that kung saan kayo nakatalaga.


■ Paggamit ng Matching Support

Kung nahirapan kayong makahanap ng trabaho, makakatulong ang paggamit ng matching support ng recruiting company na suportado ng pamahalaang Hapon.

• Komuntak lamang sa:

Regional immigration bureau/branch office na malapit sa inyong area.

<http://www.immi-moj.go.jp/soshiki/index.html>



FRESC/Help Desk

[Foreign Resident Support Center]

<http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/fresc01.html>

Nagbibigay konsultasyon sa telepono sa mga dayuhan na naapektuhan ang pamumuhay gawa ng COVID-19.

Maari ding magkonsulta ukol sa paghanap ng trabaho gamit ang matching support.

**Libre ang konsultasyon :
0120-76-2029**

May tagasalin sa 14 na mga wika
Mula Lunes ~ Biyernes (9:00 ~ 17:00)



Mga Pagpapayo

Maaring magkonsulta sa FICEC
Lunes ~ Biyernes, 10:00 ~ 16:00.

Galing kaming mag-asawa sa Ghana at 4 na taon nang naninirahan sa Japan. May anak kaming 3 taong gulang at hindi ako nagtatrabaho. Malimit kaming mag-away at ako ay pinapalayas. Makapasok ba ko sa Welfare?

Kung ang dahilan ay pag-aaway ninyong mag-asawa, hindi ka mabibigyan ng benepisyo ng welfare. Mag-usap kayong mag-asawa para magkaroon ng solusyon ang inyong problema. Mas maigi din na maghanap ka ng trabaho at mag-apply para magpapalit mula sa family stay visa at maging permanent resident visa.

Ayon sa palatuntunan ng pamahalaang Hapon ang maaring tumanggap ng benepisyo ng welfare ay mga permanent residents, long-term residents, asawa ng Hapon, asawa ng permanent residents, at mga kinilalang refugees. Makakatulong sa inyong sarili kung mag-aral at maging bihasa sa Nihongo para makakuha ng trabaho at masuportahan ang sarili. Sa pagtanggap ng welfare ay maaring mahirapan kayo sa pagpa-extend ng inyong visa.


Nahihirapan akong magbayad ng upa ng tirahan. Gusto kong mag-apply sa pref./municipal housing.

Para makalipat sa public housing, kailangan ay sa loob ng prefecture kayo nakatira o nagtatrabaho at ang total income ng inyong sambahayan ay 158,000 yen kada buwan o mas mababa. Dapat ay wala kayong hindi nababayaranang prefectural tax o municipal tax, at nakarehistro bilang residente at may balidong residence status.

May mga restriksyon sa pag-apply sa public housing hindi kagaya sa pribadong paupahan. Mag-aral tayong maigi ng Nihongo para makapagbigay ng karapatdapat na kasagutan sa pagtatanong at panayam sa pag-apply.

Konsultasyon sa pang-araw-araw na pamumuhay sa Fujimi City Hall. May staff ng FICEC na magpapayo.

Tuwing Huwebes, 13:00 ~ 16:00
TEL. 251-2711 (ex. 273)



Tumatanggap ng translations sa FICEC

English ↔ Japanese

- ◆ Kopya ng Birth certificate/Certificate of singleness - 2000 yen/1 page
- ◆ Mga liham at iba pang dokumento mula 3000 yen ~ /1 page
- * Maaring maiba ang singil depende sa nilalaman ng sulat o dokumento
- * Makukuha ang translation sa loob ng isang linggo o mas maaga (hal.~3 pages) Kung kailangan ng madalian, ang bayad sa translation ay 150% kesa normal na singil
- * Dalhin ang dokumento sa FICEC.
- * Para sa ibang wika maliban sa English ay itanong sa staff.



“Information Fujimino” na nakasalin sa wikang Vietnamese

Ayon sa sumatotal ng mga dayuhang residente na nakatira sa area dito ay maraming Vietnamese. Kaya simula sa isyu ng Nobyembre 2020 ay mababasa na ang mga impormasyon ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay sa wikang Vietnamese.

Gayundin, sa FICEC page sa Facebook ay mababasa ang “Information Fujimino” sa simpleng Nihongo na madaling maintindihan.



Tingnan ang FICEC Instagram

Mga videos at photos ng mga aktibidad sa FICEC ay makikita sa FICEC Instagram.

Maaring mag log in mula sa Facebook. Ang tanggapan ng FICEC ay 5-min lakad mula Kamifukuoka station.

Panoorin ang video paano pumunta sa FICEC

@npo.ficec

